# Satellite TV sa ibang bansa

May mga tao na nakakapanood ng mga programa sa telebisyon sa ibang bansa gamit ang satellite dish. Ang reception sa ganitong mga serbisyo ay minsan tsambahan lang, ibig sabihin ay nangyayari ito sa pagkakataon lamang - hindi ito suportado ng mga kaayusang spectrum sa pamamahala ng ACMA.

Ang ganitong tipo ng telebisyon ay karaniwang may mga problema sa pagtanggap (reception) at hindi protektado laban sa pumapasok na ibang istasyon o senyales (interference) sa Australya. Maaari kang makapanood na may pumapasok na ibang istasyon, senyales o putol-putol na panonood (interference) na hindi maaayos-ayos.

## Mga sanhi ng interference sa paggamit ng kagamitang satellite TV sa ibang bansa.

Ang mga kagamitan ng satellite TV na ginagamit upang makapanood ng mga programa mula sa ibang bansa ay maaaring maapektuhan ng mga senyales mula sa ibang kalapit na mga lisensyadong serbisyo. Ang mga senyales na ito ay maaaring mula sa mga toreng pang-mobile phone, mobile broadband internet, o ibang mga senyales sa katabing mga frequency band.

## Paano kukuha ng tulong

Ang ACMA ay hindi nagbibigay ng serbisyong dyagnostiko o pagsisiyasat para sa mga hindi lisensyadong satellite TV na nakakapanood ng mga programa mula sa ibang bansa.

Kumontak ng tagakabit ng antena o propesyonal na tekniko ng satellite dish kung mayroon kang mga tanong tungkol sa interference sa iyong serbisyong satellite TV. Maaari nilang imbestigahan ang sanhi ng interference at kung mayroong paraan upang mapabuti ang iyong reception.

Maaaring hindi posible na maayos ang mga problema at maaaring lagi kang may interference sa satellite TV na nakakapanood ng programa mula sa ibang bansa. Pag-isipan mo ito bago ka bumili at maglagay ng isang satellite dish o tumawag ng isang tekniko na titingin sa isyu.

## Mga alternatibong paraan upang makuha ang mga apektadong channel sa satellie TV

Maaaring ipagpatuloy mo ang panonood sa mga apektadong programa at channel mula sa ibang bansa sa pamamagitan ng alternatibong frequency, sa internet o sa isang streaming service provider. Ang iyong satellite TV service provider o mga

administrador ng mga channel ng apektadong satellite TV ay maaaring magbigay ng payo sa iyo tungkol sa mga mapagpipiliang alternatibo. Kailangan mo silang kontakin para sa karagdagang impormasyon.